

Prologue



One year ago ...

Limang minuto bago maghatinggabi. Isang binata ang nakaabang sa upper gallery ng White Castle Resort. Naka-costume ito: isang itim na top hat, puting domino mask, black and white tuxedo, at mahabang itim na kapa. Katabi ng lalaki ang istante kung saan naka-display ang maliit na marmol na estatwa ng Laughing Madonna. Estatwang balak umanong nakawin ng mandarambong na si Lady X.

This time, hindi na siya magtatagumpay, pagtitiyak ni Prince sa sarili. This time, mahuhuli na namin siya.

Kaiba sa nakaraang taon, sineryoso na nila ang

sulat na ipinadala ng misteryosong magnanakaw. Naghanda sila; dinoble ang seguridad. Dinamihan ang mga surveillance cameras na naka-install sa resort. Naisahan man sila ni Lady X noong isang taon nang tangayin nito ang estatwa ng Cariñosa, hindang-hindi na iyon maaaring maulit pa. Bukod sa panibagong kayamanang nanakawin umano nito, ultimong reputasyon na ng hotel ng kanilang pamilya ang nakataya.

Muling lumutang sa isip ni Prince ang panibago nitong liham:

Type ko yatang dumalo ulit sa Annual Costume Ball ninyo. Pagpatak ng hatinggabi, kukunin ko ang Laughing Madonna.

Ang inyong abang lingkod,
Lady X

Gaya ng dati, natanggap nila ang sulat isang linggo bago ang taunang costume ball na mahigit isang dekada nang tradisyon sa resort. Mga idinikit na letra ang bumubuo sa mensahe, ginupit mula sa mga lumang pahayagan. Simpleng puting bond paper, iyong tipong mabibili kahit saan, ang ginamit. Pati ang sobre ay gayundin. At gaya ng lugar na huli

nitong pinagnakawan, wala itong fingerprints, patak ng dugo, o hibla ng buhok na iniwan. Ang tangi nilang lead, kung lead ngang maituturing, ay ang lilang wax seal na ipinansara nito sa sobre. Namumukadkad na rosas ang disenyo niyon, na may eleganteng letrang 'X' sa gitna.

Marka iyon ni Lady X, ang mystery thief.

As if hahayaan ko siya, singhal ni Prince. Nakatsamba lang ito sa una. Ngayon na ang gabing madadakip nila si Lady X, kung hindi, ang pangalan niya ay hindi Principio Sebastian Simpatico III!

Bagay na nasabi pala ni Prince nang malakas, base sa hagikgik ng kung sinong tao mula sa kanyang likuran.

Lumingon ang binata. Sa gitna ng mga aninong nagtipon sa madilim na silid, dagli niyang nabanaag ang isang nakamaskarang pigurang nakatayo sa isang sulok.

“‘Principio’ pala ang first name mo? Sad,” anang estranghero, sa boses na hindi matukoy kung sa babae o lalaki ba. Naka-full body harlequin costume ito, mamantakin mong isa sa mga partygoers sa ballroom isang palapag mula sa kinaroroonan nila. “So kapag nadekwat ko ang Madonna, magpapalit-pangalan ka?”

Naningkit ang mga mata ni Prince. “Lady X?”

"The one and only." Pormal pa itong yumukod, sobrang eksaherado para maging sincere.

Now's my chance.

Mabilis ang mga sumunod na pangyayari. Sumugod si Prince, binuwag ang distansya sa pagitan nila.

Biglang umatras si Lady X, animo kidlat, sapat lamang para maiwasan siya.

"Hindi na masama," mapanudyong puri nito.

Hindi na muna nag-aksaya ng panahon si Prince na sumagot. Sumipa siya pababa, tinitira ang mga binti ng mandarambong, samantalang sinubukan ding hagipin ang mga bisig nito.

Naiwasan ni Lady X ang sipa niya ngunit hindi ang kanyang mga braso; nadulas ito, at kagyat na napakapit kay Prince para hindi bumagsak sa sahig. Napayukod siya nang bahagya upang masuportahan ang bigat nito, hanggang sa ga-dangkal na lamang ang layo ng kanilang mga mukha sa isa't isa.

"Hindi nga," sa wakas ay balik ni Prince sa magnanakaw.

Huli ka.

Subalit sa halip na kumawala, waring napayakap pa lalo si Lady X sa kanya. Tumingala ito; inilapit pa ang nakakubli nitong mukha.

"Ang maskara ko," untag nito, sa tonong naglalaro

sa pagitan ng pagtawa at pakiusap. “Hindi mo ba tatanggalin ang maskara ko... Principio?”

Napalunok si Prince. Doon niya napagtantong halos magdikit na ang mga labi nila, ipinaghihiwalay lamang ng ilang sentimetro at ng manipis na materyal ng suot nitong maskara. For a split second, he hesitated, slightly loosening his grip—

Bagay na hinihintay lang pala ni Lady X.

Biglang may tumakip na kapisasong tela sa kanyang mukha. May nalanghap si Prince—chloroform?—at ang nakalalangong bango ng rosas.

“Sorry,” ang huling katagang nadinig ng binata, bago siya tuluyang nawalan ng ulirat.

Chapter One



Sa kasalukuyang panahon, sa malayong nayon ng—sa maniwala kayo o sa hindi—Malayong Nayon, Batangas...

“Ay naku, hindi na kayo nadala, ano?” eksasperadang ani Gabriela Ceniza, o ‘Elay’ for short. Edad beinte tres años, chinita at morena siya gaya ng kanyang yumaong ina.

Nasa kamay niya ang isang pormal na invitation card para sa Annual Costume Ball ng *White Castle Resort* ngayong taon. Iniabot iyon kay Elay sa café na pinagtatrabahuhan niya, doon sa nag-iisang shopping mall ng Malayong Nayon. Ayon sa card, tuloy na tuloy ang taunang party

eksaktong tatlong linggo mula sa araw na iyon.

Never mind na sa dalawang nakaraang costume ball ay nabiktima sila ng isang maskaradong magnanakaw.

“Paano kung nakawan na naman kayo ng Lady X na ‘yon?” patuloy ni Elay. “Ano ba’ng iniisip ng mama mo?”

“To be honest, I think she enjoys the attention,” tugon ng kababata niyang si Prince, full name Principio Sebastian Simpatico III; tisoy, matangkad, at wala umangong kasing-pogi. “Medyo sikat na ang annual costume party namin sa mga amiga niya, kasi nga may tyansang dumalo si Lady X. Hindi katulad ng iba diyan,” patay-malisya pang patutsada ng binata, “Heto’t personal ko na ngang pinapadalhan ng invite, hindang-hindi pa rin dumalo.”

Napailing ang pinaringan. “You know na imposible para sa ‘kin ang um-attend, Prince,” sagot ni Elay, sabay sinubukang isauli sa kababata ang invitation card.

Hindi iyon kinuha ng lalaki. Bagkus ay tinitigan siya nito mula sa kabilang gilid ng table for two, all boyish good looks and puppy dog eyes. “Bakit naman?”

Dahil iba na ang estado natin sa buhay. Dahil

ipapahiya ko lang kayo. Dahil wala akong mukhang maihaharap kay Tita sa laki ng atraso ng pamilya namin sa inyo. Awtomatikong ini-litanya ng isip ni Elay ang mga dahilan. Dahil langit ka at lupa ako. O hindi mo pa ba na-re-receive ‘yong memo?

Huminga siya nang malalim. *At higit sa lahat, I doubt na iimbitahan mo pa ako sa kahit anong party kapag nalaman mo na ako ang—*

“Busy ako,” ang sa huli ay isinagot na lang ng dalaga. Inilapag niya sa mesa ang invitation card.

“Palagi ka na lang busy.” Kahit sanay na dapat sa ganoong response, hayag pa rin ang disappointment sa tono ni Prince. “You’d think na maeengganyo kang um-attend, if only para makiusyoso d’on sa mystery thief na nag-ge-gatecrash sa party namin. After all—”

“Yong mga ninakaw niya,” salo ni Elay, “ay parehong gawa ni Papa. Oo, alam ko.” Mukha ba siyang guilty? Sana hindi. “Kinuwestiyon na rin kami ng mga pulis, ano.”

“And yet you’d still pass up the chance na makita ang taong frustrated fan yata ng ama mo?”

“As I’ve said, busy ako.” Nagkibit-balikat si Elay. “Besides kung totoong fan nga siya ni Papa, wala siya masyadong taste. Mas gugustuhin ko na ‘wag na lang ma-meet ‘yong taong ‘yon.”

“Fan din ako ng work ng papa mo,” sambit ni Prince. “Some of it, anyway. Incidentally, dalawa na r’on ang nakuha ni Lady X.”

“Eh di, pareho kayo ni Lady X na wala masyadong taste,” napaumis na balik ni Elay. Tumingin siya sa wallclock, confirming na tapos na nga ang limang minutong break na ibinigay niya sa sarili. Tumikhim siya, umayos ng huwisyong, at pormal na kinausap ang kababata. “Ngayon, Sir Prince, may o-order-in ka ba? Kailangan ko nang bumalik sa trabaho.”

“Double-shot vanilla latte with chocolate sprinkles,” resigned na tugon ni Prince. Pagkuwan ay ngumiti rin ito, totoo’t tapat, hindi karapat-dapat sa isang katulad ni Elay. Litaw ang solitary dimple ng binata sa kanan nitong pisngi. “Yong may heart, ha?”



“Ang bilis mo naman,” puna ni Karl, ang kasama niyang baristang naka-duty, pagkabalik ni Elay sa counter ng *Claudia’s Coffee*. Isang working student, kahit diez y nueve años pa lang ay maituturing mo na itong modelong employee, puwera sa interes nito sa kanyang non-existent love life. “Tingnan mo, o. Iniwan mong sawi si Kuya.”

Pahapyaw na nilingon ni Elay si Prince. Sumisipol na tsine-check ng binata ang sariling smartphone at the moment, malayung-malayo ang hitsura sa 'sawi'. Kinawayan pa siya nang mapagtantong tinitingnan niya ito.

“‘Sawi’ ang tawag mo d’yan?” pa-rhetorical ni Elay sa katabi.

“Napatingin ka ka’gad,” walang pagsisising bitiw ni Karl. “Confirmed: concerned ka kay Prince Charming.”

Minasahe ng dalaga ang sariling sentido. “Karl...”

“Yes, Boss?”

“Ihatid mo na lang sa kanya ‘tong latte na gagawin ko, okay?” pasensyosa niyang pakisuyo, sabay baling sa coffee machine. “Puwede ka nang mag-break pagkatapos.”

“Okay.” Tumango ang lalaki. “Pero sa tingin ko, mas matutuwa si Kuya kung ikaw ang—”

“Karl.”

“Hay, yes po. Ihahatid ko po.”

Tiyempo namang may bagong customer na dumating. Inasikaso ni Karl iyon, iniwan si Elay para malayang timplahin ang order ni Prince. As requested, nilagyan niya ng ‘heart’ ang kape, hinulma ang foam at ang maliliit na chocolate

sprinkles para maghugis-puso iyon. Awa ng Diyos, okay naman ang kinalabasan niyon. Tulad ng kanyang namayapang ama, talentado siya, 'bah! Kung may isang bagay na totoong grateful siyang manahin mula kay Javier Ceniza, iyon na 'yon: ang pagka-artistic nito.

Granted, bukod sa patung-patong na utang ay wala naman siyang ibang ipinamana, di ba? mapait na dagdag ng diwa ng dalaga. Isang punto iyon na malimit ipaalala ng kanyang madrasta nitong nakaraang walong taon. Ultimong pati mga estatwa at paintings na ginawa ng ama, kinailangang ibenta o ipasubasta. Buti na lang 'ka mo at bigla itong sumikat.

Sapagkat ang karera ni Javier Ceniza sa sining ay patotoo sa kasabihang, 'Huli man at magaling, naihabol din.' Prolific bagaman hindi gaanong kilala, sa loob ng mahigit dalawang dekada ay perennial suki sa mga patimpalak ang mga estatwang nililok nito. Iyon nga lang, perennial sablay rin o talunan ang mga iyon, na ang pinakamataas na naiuwing parangal ay '5th place' o 'Special Mention'.

Nagbago ang lahat eight years ago, nang sorpresang mapanalunan ng estatwang isinumite nito ang grand prize sa prestihiyosong *Laurel*

Awards. Simply titled 'Firetree,' nililok mula sa molave ang naturang estatwa, at idine-depict ang isang magandang dalagita na ayon sa alamat, naisumpang maging puno na namumulaklak sa tuwing sasapit ang tag-ulan. Biglang naging matunog ang pangalang 'Javier Ceniza' sa mundo ng sining. Umani ng papuri ang mga gawa nito sa loob at labas ng bansa, naitampok hindi lamang sa mga art shows kundi pati na rin sa TV, print, at social media.

Malupit na biro ng tadhana na wala pang tatlong buwan mula noon, bigla itong pumanaw dahil sa atake sa puso.

Malupit na biro rin ng tadhana na matuklasang palugi na pala ang *Ceniza Iron and Glassworks*, at nakasangla na ang mansyon at lupa sa bangko. At ang katukin, matapos ilibing ang kanyang ama, ng mga taong pinagkakautangan nito.

Napabuntong-hininga si Elay. Iyon na marahil ang pinakamalupit na biro: ang mapag-alamang ang noo'y marangya nilang pamumuhay ay galing sa perang hiram.

Jusme, tama na nga 'yang pagdadrama mo d'yan, Gabriela, pangaral niya sa sarili. Ang nakaraan ay nakaraan na. Hindi hamak na mas mahalagang intindihin ang kasalukuyan.

Specifically, ang mai-serve ang kapeng order ni Prince bago malusaw ang latte art doon.

“Karl,” tawag ni Elay, turning around, “handana ang coffee ni—” Natigilan siya.

Bakit nga naman hindi, gayong pinuntahan na pala siya ni Prince sa counter. Mula sa gilid ng kanyang paningin, nakabungisngis na nag-thumbs-up sa kanya si Karl.

“Nakalimutan mo ‘to.” Idineposito ni Prince sa countertop ang invitation card na sadyang iniwan ni Elay, saka ibinaling ang tingin sa hawak na kape. “Is that—”

“Ang latte mo? Oo.” Dahil nandoon na, inihainain iyon ni Elay sa harap nito.

May paghangang tinunghayan ni Prince ang ‘heart’ sa kape. “As always, ang ganda,” masayang komento ng binata. “Hindi nga lang kasingganda mo.”

Nag-init ang kanyang mga pisngi. “Uhaw lang ‘yan,” walang-kiyemeng balik ng dalaga. Kilala na niya ito mula grade school, paalala niya sa sarili. Dapat immune na siya sa pambobola nito.



Siguro may pagkamasokista nga ako, hinuha ni Prince. O kung hindi man, tanga lang.

Ano pa ba ang maitatawag sa lalaking

may apog pa ring umasa kahit obvious na na-friendzone?

Iyon ang nasapantaha niya habang iniirapan ni Elay. Iyon, at ang obserbasyong maganda pa rin ito kahit galit. May apoy sa maiitim nitong mata. May tagong tapang sa likod ng maamo nitong mukha.

So, yes, estupido nga si Prince. Stupidly in love. Stupidly in love sa babaeng “Uhaw lang ‘yan” ang awtomatikong sagot sa nth attempt niyang ipahiwatig, ipadama, at ipagbigay-alam na attracted siya rito.

“Inumin mo na nga ‘yang kape mo,” samantala’y inip na dagdag ni Elay.

“Teka lang. Pi-picture-an ko muna.” Hinagilap ni Prince ang kanyang smartphone at kinunan ang latte art ng puso. Pagkuwa’y pabirong itinuon niya ang camera kay Elay. “Say ‘A-attend na ‘ko sa party n’yo, Prince!’ ”

Humalukipkip ang dalaga. “Hindi ako magsisinungaling para sa ‘yo.”

Para kanino, kung gan'on? traydor na tanong ng kanyang isip. Para kanino ka handang magsinungaling, or worse?

“Kaya nga pumunta ka na lang sa party,” aniya, pocketing his phone.

No, hindi siya padadala sa hinala ni Mr.

Moraleja. Pribadong imbestigador man ang huli, mas kilala niya si Elay. Hinding-hindi nito magagawang—

“Hindi nga puwede.” Muling umiling ang kaibigan. Kahalili ng inis, may bahid ng lungkot sa tono nito. “Sorry.”

“Sorry.”

Napakurap si Prince. Iyon din ang huling sinabi sa kanya ni Lady X noong nakaraang taon, bago siya nito patulugin. Nang magising siya, balitang natangay na nga nito ang estatwa ng *Laughing Madonna*. Pati mga pulis ay bigo itong hulihin.

Bagay na coincidence lamang, of course. Ano ba, ilan na bang tao ang nakapagsabi na ng ‘Sorry’ sa Pilipinas?

Tulad niya. “Sorry rin at parang kinukulit kita,” bitiw ni Prince. Well, hindi lang ‘parang,’ kundi talaga. “It’s just... I’d really love it kung makakarating ka, Elay. Miss ka na rin ng Mama.”

Bakas ang pag-aatubili sa wangis ng dalaga. “Fine, titingnan ko kung kakayanin,” tugon nito sa wakas. “Pero wala akong ipinapangako, okay?”

“Good enough for me.” Napangiti na siya. “Malay natin, baka madakip na namin si Lady X pag naroon ka. Third time’s the charm, ‘ika

nga nila.”

Imahinasyon lang ba niya, o tila kagyat na nanigas si Elay?

Maanuman, sa sumunod na sandali ay nginitian *din siya nito, banayad at walang pag-aalinlangan.*

“*Harinawa,*” turan nito. “*Sana nga, Prince, mahuli n’yo na siya.*”

Chapter Two



Hindi niya nakagat ang sariling dila. Hindi rin siya kinilabutan o tinamaan ng kidlat. Umalis si Prince na waring naniwala sa pang-eechos niya, at natapos ang kanyang shift nang walang insidente.

Gayunman, batid ni Elay na kakarmahin din siya. Hindi na bale kung pinakamagaan na ang pagsisinungaling habang nakangiti sa mga kasalanang nagawa na niya.

At gagawin pa, malamalam na pakli ng kanyang diwa. *Hopefully sa pinakahuling pagkakataon, kung papanigan ulit ako ng suwerte.*

Kumibot ang mga labi ni Elay sa isang mapaklang ngiti. O kahit hindi.

Third time's the charm, wika nga nila.

Papalubog na ang araw nang makauwi siya sa kanilang lumang mansyon, ang natitirang pag-aari ng dati ay mayaman at kapita-pitagang angkan ng mga Ceniza. Eight years ago, muntikan na rin itong mawala. Mabuti na lamang, at salamat sa pagkakabenta ng Ceniza Iron and Glass, mga karatig-lupa, at ilang mga estatwang nililok ng yumao niyang ama, nagawa nilang tubusin ang bahay, sampu ng lupang kinatitirikan nito, mula sa bangko. Itinuturing niyang isang maliit na tagumpay iyon—kung di man konsolasyon—sa gitna ng biglang pagbagsak ng pamumuhay nila.

“Gabriela. Buti’t nakauwi ka na,” pambungad ni Yvonne, ang kanyang madrasta, mula sa tuktok ng kurbadong hagdanan sa entrada ng mansyon. Kapos sa cuarenta ang edad, mistulang ate lamang niya ito sa hitsura, iyon ay kung may maniniwalang magkadugo nga sila sa tangkad nito at mala-bond paper sa puting balat. “Tulungan mo si Nanay Linda sa kusina. May bisita tayo ngayong gabi.”

Great, at kumusta naman ang araw n’yo, Madame? natukso si Elay na isagot. Ngunit nagtimpi siya. Hindi man kasundo sa maraming bagay, si Yvonne pa rin ang tumatayong ina niya.

“Sino’ng darating?” tanong na lang ng dalaga.

“Atty. Edward Gan, and his ‘plus one’. Dating kaibigan ni Javier.” Sinabi iyon ni Yvonne sa tonong tila naagrabyado na kailangan pang usisain iyon ni Elay. “We’ve only met last weekend, pero nagpahiwatig siya ng interes sa mga later works ng papa mo.”

Meaning gusto nitong bumili ng estatwa o painting.

Tumango siya. “Okay po. Magpapalit lang ako.”

“Wonderful.” Ngumiti ang babae, nakakaumay sa tamis. “I always appreciate your help, dear.”

Nagawa naman niyang hindi mag-snort.

Nagsuot ng pambahay si Elay saka dumerecho sa kusina. Doon, nadatnan niyang abala na si Nanay Linda sa pagluluto ng pocherro at inihaw na bangus. Mayroon pang pastry—buko pie, base sa amoy—na nasa oven.

Obviously gustong magpa-impress sa bisita ang kanyang madrasta, ganitong handa itong isakripisyo ang lingguhan nilang budget sa pagkain.

“Pinapunta ka ng babaeng ‘yon dito, eh, kagagaling mo lang sa trabaho?” inis na untag

ni Nanay Linda. Noon pa man ay wala na itong kaamor-amor sa pangalawang asawa ng amo nito.

‘Semi-retired’ sa edad na sitenta’y uno, mahigit tatlong dekada nang naninilbihan si Nanay Linda bilang punong kasambahay (at ngayo’y nag-iisang kasambahay, pamula nang sila ay maghikahos) ng mga Ceniza. Masigla pa rin ito, salamat sa Panginoon. Totoong abuela na ang turing ni Elay rito.

“Relax, ‘Nay,” aniya. “Kahit di naman niya sabihin, pupuntahan ko pa rin kayo.”

“Nagpahinga ka na lang sana,” sagot ng matanda. “Maupo ka. Ipaghahanda kita ng merienda. Madali na naman ‘to.”

“Mas madali kung tutulungan ko kayo,” balik ni Elay, sabay derecho sa lababo para maghugas muna ng kamay. “Di pa naman po ako gaanong pagod. At training na rin ‘to, ‘ba.”

Dahil kapos sa pondo, magtatatlong taon na niyang ipinagpapaliban ang kanyang HRM course sa kolehiyo.

“Mag-abogada ka na lang. Ang husay mong mangatwiran, eh,” tuyot na mungkahi ni Nanay Linda, pero bumigay rin sa huli. “Siya, hiwain mo ‘yang kamatis at sibuyas. Titimplahan ko naman ‘tong bangus.”

“Okay!” Nagtungo si Elay sa sangkalan at sinimulang maggayat.

Maaga-aga rin nilang natapos ihanda ang hapunan, nagkaoras pa para makapagmerienda muna ng tsaa at biskwit. Nagpasikat din si Elay nang kaunti, malikhaing pinalamuti ang tomato, red onion, at cilantro salsa na sawsawan ng bangus sa buong kamatis na hiniwa niya para magmistulang bulaklak.

“Kung makikita ka lang nina Althea at Javier ngayon,” pahat na usal ni Nanay Linda, “tiyak akong ipagmamalaki ka nila.”

Sa pagkakabanggit sa kanyang tunay na ina (never mind na kasama roon ang papa niya), nakadama si Elay ng kirot sa kanyang dibdib. Kakatwa, kasi maliit pa lamang siya noong pumanaw ito. Maliban sa hitsura, ang tanging distinct na naaalala niya rito ay madalas itong magkuwento—o magbiro—na may ‘fairy godmother’ si Elay. Bagay na natanggap niya bilang gawa-gawa lang. Ni minsan kasi ay hindi nagpakita ang ninang na naturingan, mapa-Pasko o birthday man niya.

“Weh?” patawa na lang ni Elay. “Feeling food stylist din po ba si Mama, ‘Nay?’”

“Well, mahilig siyang magluto,” anito,

bahagyang napaisip. “Pero hindi sa puntong inaayusan niya ang pagkain. ‘Yang paandar mong ‘yan, nakuha mo kay Javier.”

“Ah.” Pinag-aralan ni Elay ang kanyang tasa ng tsaa.

“Maaaring kahawig mo si Althea, pero ciento por ciento mong minana ang talento ng ama mo,” patuloy ng matanda. “Ang buong akala ko nga, eh, susunod ka sa yapak niya, magiging iskultor o di kaya’y pintor din. Pero kung saan ka masaya...” Nagkibit-balikat si Nanay Linda, saka tinitigan siya. “Masaya ka nga ba d’yan sa daang napili mo, Gabriela?”

Napapitlag siya, subalit saglit lang. Sinikap niyang ngumiti. “Siyempre naman po,” magaan tugon ng dalaga. “Ako pa.”



Dumating si Atty. Edward Gan eksaktong alas siete ng gabi. Tumanda man kumpara sa lumang litrato nito katabi ang noon ay binata pang Javier Ceniza, taglay pa rin nito ang sinserong ngiti at intelihenteng mga mata. Hindi tiyak ni Elay kung nakalimutan lang sabihin ni Yvonne o hindi, pero abogado pala ito ng mismong kumpanyang nakabili sa Ceniza Iron and Glass.

“Once again, thank you for having us over,”

sambit ni Atty. Gan sa matatas na Ingles. “This dinner is superb.”

“You’re very welcome,” kampanteng sagot ni Yvonne. “Alam n’yo na siguro, pero paborito ni Javier itong pochero noong nabubuhay pa siya.”

“Talaga?” untag naman ng babaeng isinama ni Atty. Gan, si Miss Chesca Dejaró. Kung sa hitsura ay mas bata ito nang kaunti kay Yvonne, o magaling lamang mag-apply ng makeup. Pang-beauty queen din ang poise at pangangatawan nito.

“Tama, paborito nga niya ‘to,” pagtitiyak ni Atty. Gan. “Especially ‘yong pocherong niluto ni—Ah...” Biglang nanigas ito, na waring huli nang napagtanto kung sino ang kaharap, saka tumikhim.

“Ni Althea, right? Ang unang asawa ni Javier?” bitiw ni Yvonne. “Okay lang naman na banggitin n’yo siya, you know. Wala naman ‘yon sa akin.”

“Pasensya na rin,” anang kausap. “Ikaw pa rin ang nakasama ng kaibigan ko sa huling bahagi ng buhay niya. For that, I’m grateful.”

“Ah.” Nagdampi si Yvonne ng panyolito sa magkabilang-gilid ng sariling mga mata. “Maiksi man ang panahong ibinigay sa amin ng Diyos, I’d like to believe na naging maligaya kami kahit... kahit pap’ano.”

Akmang may sasabihin pa sana ito, kung hindi lang sumingit si Natalie.

“Where’s dessert?” untag ng labing-siyam na anyos na dalaga, ang nakatatanda sa dalawang anak ni Yvonne sa dating kabiyak. “Like, it’s super tagal, ha. When will Nanay Linda serve it ba?”

Nakaupo sa tabi nito, namula ang bunsong si Nicole. “Ate—”

“Kukunin ko.” Tumayo si Elay.

“Wait.” Agad na tumayo rin si Nicole. “Tutulungan na kita.”

“Maupo ka, Nicole,” utos ni Yvonne, saka nakangiting bumaling sa kanya. “Para kukuha lang naman ng dessert, eh. You can manage well enough by yourself, di ba, dear?”

“Opo.” Nagpatiuna siya sa direksyon ng kusina. “Excuse me.”

“Napakamasunuring bata,” dinig niyang puri ni Yvonne pagkaalis niya. Kasing-totoo iyon ng ngiti nito sa kanya—meaning, not at all.

Nagawa pa rin ni Elay na hindi sumingasing.

Nakasalubong niya si Nanay Linda sa pasilyo. Tinulungan niya itong itulak ang simpleng service cart lulan ang panghimagas na siyang paborito rin ng kanyang ama: buko pie de leche na may langka, at isang mangkok ng clotted

cream. Inihain nila iyon to the delight of Yvonne, Natalie, and their guests. Resounding success ang hapunan.

At mukhang ganoon din ang sales pitch ni Yvonne pagkatapos, batay sa maaliwalas nitong ngiti habang kinakausap ni Atty. Gan. Kulang na lamang ay magkorteng peso o dollar signs ang mga mata ng madrasta.

“Looks like negotiations are going well,” aliw na puna ni Miss Chesca. Sinundan nito sina Yvonne at Atty. Gan sa gallery kung saan naka-display ang mga gawa ni Javier Ceniza. Iyong mga hindi pa nabebenta o naipambabayad sa utang, in any case.

“Mukha nga,” sang-ayon ni Elay kay Miss Chesca. Mao-offend kaya ito kung mamomopo siya? Hindi rin siya sure kung ano ang eksaktong relasyon nito sa abogado. Girlfriend kaya? Kaibigan? Casual acquaintance?

“Hmm, I think gusto ko ‘to,” samantala’y usal ng naturang babae. Nakatingin ito sa isang pigurin ng pusa sa istanteng kalapit nila. Dilaw na marmol iyon, ga-dangkal ang taas. Amber ang ginamit bilang mga mata niyon. “It isn’t perfect, pero parang buhay talaga ang pusa. Impressive,” patuloy ni Miss Chesca. “Si Mr. Javier din ba ang

lumilok nito, ah...?”

“Gabriela po.” Napalunok siya. “Actually—”

“Well, of course, dear, lahat ng mga art pieces na naririto ay gawa ng asawa ko,” sabat ni Yvonne, na biglang pumagitna sa kanila. “Isn’t that right, Gabriela?”

Kumuyom ang mga kamao ni Elay. “O-opo,” sambit niya. Umalingawngaw sa kanyang isip ang nasabi nito, mapagmaliit at mapanuya: “*Napakamasunuring bata.*”

Consuelo de bobo na lang na pusa at hindi pigurin ng aso ang pinag-uusapan nila. Baka hindi niya ma-take ang irony kung nagkataon.

Tumikhim si Miss Chesca. “Either way, type ko yatang i-acquire ito kung posible,” wika nito. “Is it for sale?”

Bumalik ang ngiting inirereserba lamang ni Yvonne sa posibilidad ng pagkamal ng salapi. “Ah...”

At sinimulan ng madrasta ang maikli nitong talumpati hinggil sa kung paano labag sa kalooban nito na ibenta ang kahit isa sa mga gawa ni Javier. Pero ano ba naman ang magagawa nila? Bilang biyuda na may mga anak na itinatawid sa kolehiyo, et cetera, et cetera. Na sa huli ay mauuwi rin sa, “Oo. Magkano ba ang offer n’yo?”

Balang araw ay babalikan din siya—sila—ng karma.

Ngunit hanggang sa dumating ang araw na iyon, patuloy munang iisnabin ni Elay ang kanyang konsyensya.



“Sorry kanina,” dispensa ni Nicole.

Kinibitan lang ito ni Elay ng balikat. “Wala kang dapat ihingi ng paumanhin.”

“Kahit na, Ate Gab,” giit ng dalagita. “Sorry pa rin.”

Mag-a-alas onse na nang bumaba si Nicole sa servants’ quarters, ostensibly para magpatimpla ng kape kay Nanay Linda. Katabi lang iyon ng dating workshop ni Javier Ceniza, kung saan naabutan siya nito na may minamarkahang tipak ng marmol.

Sumandaling inilapag ni Elay ang naturang hollow-block-sized na bato, at matamang tinitigan ang dalagita. “Hay, Nicole, ano ka ba,” banayad niyang kastigo. “Hindi mo trabaho na ihingi ng tawad ang maling asal ng iba. Kahit kapamilya mo pa sila.” Muli niyang binalingan ang marmol. “Saka, wala naman sa akin ‘yon. Talaga.”

Pamula nang masawi ang kanyang ama,

at bigla silang maghirap, hindi man lantaran, kapansin-pansin pa ring nag-iba ang trato ni Yvonne sa kanya. Kung dati ay nag-effort ito na ituring siyang tunay na anak, ngayon ay hindi nito pinalalagpas ang oportunidad na utusan siya, na ‘pakiusapan’ siyang gawin ang kung anumang mapag-tripan nitong ipagawa.

Nahiwagaan man noong una, nang maglaon ay may nabuong teorya si Elay na misplaced na pamamaraan iyon ng madrasta para gantihan ang papa niya. Iyon, o sadyang lumitaw lang ang totoo nitong kulay.

Alinman, wala na siyang kiber doon. Ang mahalaga ay ang makaraos sila; ang unti-unti silang makabangon.

One way or another.

Bumuntong-hininga naman si Nicole. “Sinasabi mo ‘yan,” anito, “pero kung totoo ‘yon, eh bakit—”

“Sis? Nanay L?” Kagyat na namutawi ang tinig ni Natalie mula sa pasilyo. “Gosh, coffee lang ang ipinapagawa ko, ha! I’d like to have it before midnight, please!”

Tumayo si Elay para harapin ito, Nicole following suit.

“Sorry!” tawag nila.

Chapter Three



Maaliwalas ang sikat ng araw. Banayad ang ihip ng hangin; walang mababanaag na ulap sa kalangitan.

Perpektong araw iyon para mangabayo, katulad ng malimit sabihin ng abuelo ni Prince noong nabubuhay pa ito. Sakay ni Kidlat, ang puting Arabian stallion na apo sa tuhod ni Lucky Star, ang kabayo ng kanyang lolo, may isang oras din nilang inilibot ang lupain sa paligid ng White Castle Resort. Pasado alas diez na nang makabalik sila sa kuwadra.

Tatlong araw na ang nakalipas mula nang kumbidahin niya si Elay na dumalo sa gaganaping costume ball. Hindi pa ito nagpaparamdam mula

noon, kahit simpleng message lang sa *Facebook*. Natutukso tuloy siya na mag-open-shirted selfie kasama si Kidlat, if only for the chance na i-Like ni Elay ang kanyang post.

Napangiti si Prince.

O kaya magkomento ito na ayus-ayusin naman niya ang pagbubutones ng kanyang shirt, at baka siya sipunin.

“Ano sa tingin mo, Kid?” tanong ni Prince sa kabayo.

Humalinghing lamang ito.

“Kuya Prince!” Gaya ng tipikal sa Batangueño, padarang pasigaw na tinawag ni Tukmol ang kanyang pangalan. “Andine ho si Mike Enriquez. Kakausapin daw kayo.”

Litong tiningnan ni Prince ang binatilyong stablehand. “Mike Enriquez?”

Umismid si Tukmol. “Imbestigador,” pilosopong paliwanag nito.

Kapagkuwan ay pinatuloy ng stablehand si Mr. Moraleja sa kuwadra saka sila iniwan.

“Nag-aalaga rin pala kayo ng kabayo?” pambungad ng private eye. Katamtaman ang tangkad nito, taglay ang napakaordinaryong mukhang napakadali ring malimutan. Pati edad nito ay hindi madaling tukuyin, naglalaro sa

pagitan ng treinta hanggang cincuenta años, sa tantya niya.

“Dito kami nagsimula,” kibit-balikat na sagot ni Prince. Sa likod niya, bahagyang sumingasing si Kidlat, as if to say, ‘Siya nga’. Ang sunud-sunod na panalo sa mga karera ng Lolo Lucky nito ang pumondo sa resort at iba pa nilang mga negosyo. “Pero alam mo na dapat ‘yon, di ba?” dagdag niya. “I’d think na by now eh na-background check mo na kami, sampu ng mga kakilala’t kakilala ng kakilala namin.”

Si Mr. Moraleja naman ang nagkibit-balikat. “Nakaka-flatter na ‘yan ang estimasyon n’yo sa akin, Mr. Simpatico—”

“Prince.”

“Prince,” talima nito, saka nagpatuloy, “Magdadalawang linggo pa lamang mula nang mai-refer ang kasong ito sa akin. It would take me at least a month para ma-accomplish ang sinasabi n’yo.”

“So you have checked us out, but you’re only halfway there.” Hindi lang si Tukmol ang may pagkapilosopo, ano. “As you’ve said, magdadalawang linggo ka na sa kaso.”

Tumikhim si Mr. Moraleja. “Bahagi na ‘yon ng trabaho ko, oo. Speaking of which—”

Muling lumangitngit pabukas ang pintuan ng kuwadra. Nilingon iyon ni Prince. Dagling nanlaki ang mga mata niya, dahil ang bumungad sa kanyang paningin ay si...

“Elay?” takang bulalas ng binata.



“Una sa lahat,” ani Mr. Moraleja, “nagpapasalamat ako’t napaunlakan mo kami, Miss Ceniza.”

As if naman makatatanggi ako, ano? tuyot na tugon ng diwa ni Elay. *Eh di nagmukha akong guilty.* Aloud, ang sinabi na lang niya ay, “Please, ‘Elay’ na lang ho ang itawag n’yo sa akin.” Ngumiti siya, kasing-genuine ng mga ngiti sa kanya ni Yvonne. *Genuine Orocan.*

Ngiting napawi rin nang makatagpuan niya ng tingin si Prince. Si Prince na nadatnan ni Elay sa kuwadra katabi ang kabayo nitong si Kid. Si Prince, na parang buhay na embodiment ng palayaw nito... na ano man ang isuot ay mala-fairy tale prince pa rin ang kaguwapuhan, kahit maong at shirt na nakalimutan nitong ibutones nang maayos.

Si Prince na hayag ang pagkagulat nang makita siya.

Hindi ito inabisuhan ni Mr. Moraleja, kung

ganoon. Walang kinalaman ang binata sa pagpapatawag sa kanya rito.

Hindi matukoy ni Elay kung bakit, ngunit napagaan niyon nang kaunti ang kanyang loob. All the way up sa kinaroroonan nila ngayon sa main entrance hall ng White Castle Resort.

Itinayo sa tuktok ng burol sa kanlurang baybayin ng Malayong Nayon ang seaside hotel na itinaguyod ng Lolo Baste ni Prince. May tatlong palapag ang taas niyon at binubuo ng apat na magkakarugtong na puting mansyon. Mala-kastilyo nga iyon mula sa labas, at maging sa loob din; mula sa grand curving staircase sa bulwagan, crystal chandeliers, at polished Italian marble na mga sahig at dingding.

“Inimbitahan ko siya rito bilang representative ng mga Ceniza,” paliwanag ni Mr. Moraleja kay Prince. “Ideally, kasama rin sana natin si Mrs. Yvonne, but I understand na kinailangan niyang lumuwas ng Maynila?” Bumaling ito kay Elay sa pahuli.

“Para makipagkita sa ahente ng isang art gallery, opo,” kumpirma niya.

“No worries. Please understand, hindi ito isang interogasyon. Nais ko lamang i-review ang kabuuan ng kaso sa ngayon, preferably with a

member of the late artist's family present."

Magalang ang tono ng imbestigador. Banayad. Gayunpaman, nilukuban si Elay ng lamig sa sinabi nito. Kabado siya, siyempre, pero pilit niyang ikinubli iyon.

"Well," medyo pabirong anas ng dalaga, "pamilya nga po ako, and I'm present."

Kunot-noong nilingon ni Prince si Mr. Moraleja. "Not that I mind, but is this even necessary?" tanong ng binata. "You ought to know na dati na rin silang kinuwestyon ng pulisya."

"Mawalang-galang na, pero iba pa rin ito," balik ni Mr. Moraleja. "Hindi ko layong hingan ng input o komento si Miss Elay. Gaya ng nasabi ko na, babalikan lang natin ang mga nakaraang pagnanakaw. Idedetalye ang lahat ng nalalaman natin hinggil sa kaso."

"Para saan pa?" Humalukipkip si Prince. "I really don't see why we should bother."

Kinurapan ng imbestigador ang binata. "Para sa katotohanan, siyempre," anito. "Para saan pa ba at kinuha n'yo ang serbisyo ko?"



Sa isang sulat. Doon iyon nagsimula. Sa isang puting sobreng selyado ng kulay lilang patak ng

kandila.

Marahang naglalakad patungo sa ballroom kasama sina Elay at Mr. Moraleja, muling sinariwa ni Prince ang unang heist ni Lady X dalawang taon na ang nakakaraan.

“A week before the ball, basta sumulpot na lang ‘yong sulat sa front desk ng hotel lobby,” salaysay niya.

Maigsi lamang ang liham, klaro at direct to the point:

*12 midnight, pupunta ako sa Costume Ball.
Iuuwi ko ang Cariñosa.*

*Ang inyong abang lingkod,
Lady X*

“Noong una, hindi namin gaanong sineryoso ‘yon,” patuloy ni Prince. “I mean, sino nga bang kamote ang magbibigay-babala sa balak nitong nakawan? In-inform lang namin ang security, nag-double check ng mga CCTVs. Kampante kami na totohanin man n’ung letter sender ‘yong banta niya, kayang-kaya pa rin namin siyang hulihin.” He smiled ruefully. “Iyon ang una naming pagkakamali. One week later, sa

gabi ng party, she appeared—ang misteryosang si Lady X.”

“She,” ulit ni Mr. Moraleja. “So sigurado na kayong babae nga ang culprit?”

Saglit na dumapo ang tingin ni Prince kay Elay, na nakikinig sa kanila. Neutral ang ekspresyon nito; mildly curious, nothing more. Medyo guarded ito kung pakitunguhan si Mr. Moraleja, ngunit ano pa bang maaasahang magiging attitude nito sa lalaking bigla na lang nagpatawag dito? Duda rin si Prince na kumbinsido ito sa ibinigay na rason ng private eye.

“Not necessarily,” bawi niya. “Ang costume niya ay pambabae, is what I mean. Isang mahabang Chinese-style dress, bright red, na itinerno sa black lace gloves and stockings. May bridal-style na belo rin siyang suot, pero itim, and of course, a mask.”

“I’ve seen the videos.” Tumangu-tango si Mr. Moraleja. “Inanunsyo niya ang sarili sa ballroom, correct?”

“Yes, sa mismong upper landing ng grand staircase,” malamlam na bitiw ni Prince. Fittingly enough, nasabi niya iyon pagsapit nila sa entrada ng naturang ballroom. “At doon, sa harap ng

lahat ng mga dumalo sa party, Lady X performed a conjuring trick. May bandana siyang iwinasiwas at sa sumunod na sandali—”

“Lumitaw sa mga kamay niya ang Cariñosa statue, parang magic!” pakli ng isang napaka-pamilyar na tinig. Sa may paanan ng grand staircase na kababanggit lang niya, nakangiting kinakawayan sila ni Doña Teresita ‘Terry’ Simpatico, fifty years old, ang current owner ng White Castle Resort, and his mother.

“Ma,” bati ni Prince, “aren’t you supposed to be on that business trip to—”

“Cebu?” muling pakli ng ginang. “Naku, kaya na ni Connie ‘yon.” Si Connie Lazada ang Senior Events and Promotions officer ng resort. “Besides, when I learned na pupunta si Gabriela rito, I just had to be here today! Kumusta na, hija?” Excited na nilapitan ng ginang si Elay at bineso ito. “It’s been years, hasn’t it?”

“O-opo, Tita—Ma’am Terry,” medyo windang na tugon ng dalaga rito. “Sorry at ngayon lang ako nakabisita.”

“‘Tita’ is fine, and okay lang basta dadalo ka sa costume ball this year,” balik nito. “I trust na napadalhan ka na ng imbitasyon ni Principio?”

To Prince’s chagrin, kumibot ang mga labi ni

Elay. Mula pa pagkabata, aliw na aliw ito kapag nababanggit ang given name niya. “Yes din po, he gave me the invite a few days ago.” Pigil ang tawang pinukulan siya nito ng tingin. “Isn’t that right, Principio?”

Hardy-har. “As you yourself may recall, Gabriela,” siyang balik niya, “kulang na lang, eh, magmakaawa ako.”

Tumawa ang kanyang ina. “That must have been a sight to see.” Pagkatapos, napatingin ito kay Mr. Moraleja. “Whoops, nasa-sidetrack tayo. Dini-discuss n’yo ‘yong unang robbery, di ba? Sorry for butting in.”

“Okay lang po, Ma’am,” magalang na sambit ng imbestigador.

“We’re practically done, anyway,” untag ni Prince. “Like you’ve said, milagrosong nag-appear ang Cariñosa sa mga kamay ni Lady X just after midnight.” Umiling siya. “Seconds later, biglang nawalan ng kuryente.”

“May nag-rig sa lighting sa ballroom,” ani Mr. Moraleja. “Isang kakuntsaba ni Lady X, kung hindi siya mismo.”

“Either way, it took a few minutes para maibalik ang ilaw,” dagdag ni Prince. “Enough time para makatakas ang magnanakaw sa gitna

ng kaguluhang dulot n'on."

"O magpanggap bilang isa sa mga guests sa party," mungkahi ng private eye. "Ayokong mangaral, pero pagkatapos ng nakawan, hindi n'yo in-inspect ang belongings ng lahat ng mga dumalo?"

"Ako ang dapat sisihin para r'on," apologetic na sabi ng mama ni Prince. "Ayaw kong may ma-offend o mapahiya sa mga bisita namin. You must understand, karamihan sa kanila ay malalapit naming mga kaibigan. Kaya ginawa naming boluntaryo ang inspection. Monumentally stupid, alam ko."

"Mas pipiliin kong tawagin 'yong 'naïve'," offer ni Mr. Moraleja, "pero iyon na nga ang nangyari. Granted, nang sumunod na taon ay nagkaroon ng mandatory search bago at pagkatapos ng insidente, ngunit wala ring nakitang ebidensya para iugnay ang nakawan sa mga nakalistang bisita sa party."

"Meaning wala ring masyadong kaibahan kung sinearch namin sila n'ong unang heist o hindi," puna ni Prince.

"Posible," sang-ayon ng imbestigador. "Pero puwede ring pakahulugan na for the second time around, naging mas wais ang culprit."

Napatikhim ito. “Na nagdadala sa atin sa ikalawang pagnanakaw.”

Prince’s mother clapped her hands once. “Well, kailangan nating magpunta sa gallery kung gan’on,” anito. “But why don’t we do that after lunch? Hindi lang naman siguro ako ang nagugutom dito, right?”

Chapter Four



Tanghali na nga, and so nananghalian sila: isang engrandeng affair na preparado ng mismong executive chef ng Duetto, ang premyadong restaurant sa ground floor ng White Castle Resort. Punuan man dahil sa lunch-hour rush, agad silang nabigyan ng mesa. Nasa magkatabing upuan ang mag-ina, samantalang si Elay ay kaharap nila, katabi ni Mr. Moraleja. Sa dami ng pagkaing inihain sa kanila, mamantakin mong nagdesisyon ang mama ni Prince na maagang magpa-party.

Mamantakin mo ring guest of honor ng naturang ginang si Elay, at hindi anak ng taong nanloko at nanamantala sa tiwala nila.

“I-try mo ‘yang baked tahong and shrimp with mozzarella, hija,” masayang rekomenda ni Tita Terry.

“Ah... Thanks po,” pahat na tugon ni Elay. Kinuha niya ang serving spoon at naglagay ng tig-isang piraso ng tahong at sugpo sa sarili niyang plato.

The older woman smiled. Ngiti iyong may sa sikat ng araw: natural, magiliw, at palakaibigan; ngiting hindi maikakailang minana ni Prince sa ina. “They’re splendid paired with the roasted vegetable gratin,” patuloy nito. “Pero make sure to leave some room for dessert. It’s tiramisu!”

Iyon ang all-time favorite na panghimagas ni Elay.

“Wow,” sinserong aniya, touched na naalala iyon ng ginang, “salamat po.”

Truth to tell, labis siyang nahihiwagaan sa kabaitang ipinapakita nito. Hindi mawari ni Elay kung saan lulugar, at kung paano kikilos. Siya lang ba ang naiilang? Malapit na magkaibigan man ang mga pamilya nila noong panahon pa ng mga Kastila, hindi niya inaaasahan ang ganito kainit na pagtanggap. Hindi matapos mabunyag na ginawa palang unwitting guarantor si Tita Terry sa isang loan na kinuha ng kanyang dear

old dad. Napilitan itong bayaran ang naturang utang—na umabot ng milyones, ayon kay Yvonne—at magmula noon, bunsod na rin ng magkahalong delicadeza at kahihiyan, iniwasan na ni Elay na iharap ang sarili rito.

At kay Prince din, kung tutuusin... not that umubra iyon matapos ang ilang buwan ng pangungulit ng kababata. Alangan namang magtago siya sa staff room ng café sa tuwing o-order ito sa kanila.

“Hindi naman halatang na-miss n’yo si Elay, ano?” kantiyaw ni Prince.

“Ssh, sikreto lang ‘yon,” pabirong saway ni Tita Terry. “Ibubuko mo ako sa lagay na ‘yan, eh.”

Pinukulan ni Prince si Elay ng isang conspiratorial na tingin. “I swear,” anang binata, “sometimes I kind of wonder kung tumatanda siya nang paurong. I remember my mom being a lot more mature and dignified noong kabataan natin.”

“Pruweba lang ‘yan na nagma-mature ka na, hijo,” puna ng inang nabanggit. “Part of growing up means finding out na tao rin lang pala ang mga magulang mo, hindi perpektong paragons of, er, perfection.”

Grabe pala ang itinanda ko nitong nakaraang

eight years, kung gan'on, salinhaka ni Elay. “Siguro nga po,” marahang sambit niya. “Pero sa tingin ko, napakasuwerte pa rin ni Prince na kayo ang ina niya.”

Sinapo ni Tita Terry ang sariling dibdib. “Aww, that’s very sweet of you to say, hija.”

“Also true,” untag ni Prince. “Hindi ka man kasing-perfect kumpara sa childhood image ko sa ‘yo, Ma, cool ka pa rin.” Tumikhim ang binata. “Most of the time, anyway.”

“Naks, love you, too, anak,” mangilid-ngilid-luhang bitiw ng ginang. “And you, too, Gabriela. I truly believe na napakasuwerte ng anak ko na nakilala ka niya.”

“Ginaya n’yo lang ang sinabi ni Elay, eh,” sita ni Prince.

Si Elay naman ay napalunok. “Tita—”

Isang kalampag at isang nasorpresang “Ay!” ang bigla niyang narinig, kapwa sobrang lapit lang.

Kusang kumilos ang kanyang katawan. Nasambot na ni Elay ang bagay na nahulog— isang basong yelo lang ang laman—bago pa man niya narehistro na may waitress na natalisod sa likuran niya.

Waitress na kaagad ding inalalayan nina

Mr. Moraleja (na to be perfectly honest ay nakalimutan na niyang naroroon pa) at Prince.

“Sorry, Miss,” anang imbestigador sa dalagita, “tumayo na lang ako nang bigla.”

“Ayo ka lang ba?” tanong ni Prince.

“O-opo, Sir.” Tumango ang waitress, saka pahapyaw na niyukuran sila nina Tita Terry, “Ma’am. Pasensya ho sa abala.”

“Okay lang ‘yon,” anang mama ni Prince.

“Ang baso mo.” Iniabot ni Elay ang basong nahulog mula sa tray nito. Awa ng Diyos, hindi iyon basag; nasalo niya iyon nang hindi lumalagpak sa sahig. Pinasalamatan siya ng waitress bago umalis.

“Nice catch,” natuwang puri ni Prince pagkalayo ng babae.

“Siyang tunay,” sang-ayon ni Mr. Moraleja. Umupo na ulit ito upang muling namnamin ang natipuhan nitong bistek Tagalog. “Napakabilis ng reflexes mo, Miss Ceniza.”

‘Elay’ na lang sabi, awtomatikong balik ng kanyang isip, but oh, well. “Barista ako sa coffeeshop,” mapagkumbabang paliwanag na lang niya. “Masasanay kang maging alisto at maliksi sa trabahong ‘yon.’”

Tumawa si Tita Terry. “If that’s the case,

dapat ka nga talagang um-attend sa costume ball namin,” biro nito. “Matutulungan mo kaming dakpin na sa wakas si Lady X.”

“G-gan’on po?” Pinatakan ng pawis si Elay sa gilid ng kanyang mukha. “Medyo imposible naman yata para sa ‘kin ‘yon, Tita.”

In more ways than one.

Mag-a-alas dos na nang akyatin nila ang upper gallery ng hotel, busog at handa nang simulang balikan ang ikalawang heist ni Lady X.

“So ito ang scene of the crime,” untag ni Mr. Moraleja. Nilibot ng mga mata nito ang kabuuan ng silid, sampu ng mga larawan, antigong muwebles, banga, at samu’t saring mga estatwang nakahilera roon.

“Mismo,” anang mama ni Prince. “We’ve mostly tried to keep things the way they were noong huling bumisita si Lady X. As you can see.” Proudly, ikinumpas ng ginang ang kamay sa direksyon ng nag-iisang bakanteng istante sa gallery. “D’yan dati nakalagay ang Laughing Madonna statue. Pa-birthday ‘yon sa akin nina Gabriela when I celebrated my fortieth year. At d’on,” sunod nitong itinuro ang isang end table na mayroong glazed na banga, “well, doon naman dati naka-display ang Cariñosa.”

“Discounting those, bale may pitong estatwa pa kami na si Javier Ceniza ang gumawa,” dugtong ni Prince. In-indicate nito ang isang kahoy na estatwa sa kabilang dulo ng silid. Hindi lalagpas ng isang metro ang taas niyon, na nagdepict ng isang nakaunipormeng lalaki na sakay ng kabayo. “Ang Caballero ang pinakaluma, na iniregalo niya sa lolo ko.”

Binalingan ng binata ang bandang gitna ng gallery, kung saan tatlong maliliit na estatwa ng mga babae ang nakaluklok: isang dalagita, isang middle-aged, at isang matanda. “At itong tatlo ang pinaka-latest. Ano nga’ng tawag ng papa mo sa kanila, Elay?”

“Ang Mga Tagahabi,” kaswal na tugon niya. “Sila sina Clotho, Lachesis, and Atropos from Greek myth, basically.” Nag-snort siya. “Ginawa lang niyang Filipiniana, para kunwari orig.”

“Well, maganda naman ang kinalabasan, di ba?” sambit ni Tita Terry, saka lumingon kay Mr. Moraleja. “Ibinigay niya ‘yan sa amin, hmm, a few months after we got the Cariñosa. So mga nine years ago na. Wala pang isang taon bago ang... uhm...” Alalang sinulyapan siya ng ginang.

“Bago pumanaw si Papa,” panapos ni Elay.

Tinunghayan ni Mr. Moraleja ang mga

estatwa. “Napakahusay ng pagkakagawa,” komento nito. “Kung hindi ako nagkakamali, nililok din ni Mr. Ceniza ang mga ito sa pahuling bahagi ng karera niya. Gaya ng dalawang estatwang una nang nanakaw.”

“Those are arguably his best work,” katwiran ni Prince. “Like it or not, may eye for quality ang culprit natin.”

Kinibitan iyon ni Elay. “Hindi nga lang sapat para maisip na iba na lang ang nakawin,” hirit niya. “Pero maano man, nandito tayo para sa ikalawang theft, hindi ba? Ano nga ba’ng nangyari noong nakaraang taon?”

“Oh, leave that to me, hija,” masayahing prisinta ni Tita Terry. “This time, ako naman ang magna-narrate.”

“Kung mamarapatin n’yo, Ma’am,” galanteng hinimok ni Mr. Moraleja na magpatuloy ito, “the floor is yours.”

“Right, then.” With an introductory cough, umayos ng huwisyo ang ginang. “Almost one year matapos niyang matangay ang Cariñosa, sinulatan ulit kami ni Lady X,” panimula nito. “Parehong-pareho iyon sa unang liham, pero this time, ang estatwa ng Laughing Madonna naman ang balak nakawin.” Saglit itong tumigil,

saka bahagyang ngumiti. “That being said, I do appreciate how Lady X is polite enough to always give us fair warning.”

Prince snorted. “O gusto lang niyang ipamukha na balaan man niya tayo, kayang-kaya pa rin niya tayong denggoyin.”

“Totoo naman,” nakatawang puna ni Tita Terry. “So far. But anyway...”



Samantalang pinakikinggan ang natitirang salaysay ng ina, bumalik ang alaala ni Prince sa gabi ng naturang insidente. Sa gabi ng kanyang pagkabigo at kahihiyang. Sa gabi ng ill-fated na engkuwentro niya kay Lady X.

Maghahatinggabi noon. Madilim ang gallery. He'd excused himself from the party half an hour before upang personal na bantayan ang Laughing Madonna. Kampante siya. Mag-isa man sa loob, may dalawang security personnel naman ang rumoronda sa pasilyo sa labas. Bukod pa iyon sa guard na nakatokang i-check in real time ang mga CCTVs.

Close to midnight nang madama ni Prince ang presensya ni Lady X at maulinigan niya ang nang-uuyam nitong tinig:

“Principio’ pala ang first name mo? Sad.”

Siyempre hinarap ito ni Prince. Buong-tapang, buong-kahangalan siyang sumugod sa kinaroroonan nito. And then, barely thirty seconds later, he was asleep. Na-one-round KO ni Lady X.

Sa kabutihang palad, hindi iyon nakunan ng CCTV. Sa kasamaang palad, hindi iyon nakunan ng CCTV.

“Batid man ‘yon ni Lady X o hindi,” sa kasalukuyan naman ay kuwento ng mama niya, “wala sa line of sight ng security camera sa gallery ‘yong lugar kung saan siya nakatayo. Kaya hayun, nagawa niyang patulugin si Prince with no one the wiser.”

Tiyempo namang nakatagpuan niya ng tingin si Elay. May simpatiya sa mga mata ng dalaga, but thankfully wala ni katiting na awa o paghamak. He would like to think na kahit paano ay net positive pa rin ang coolness rating niya sa kababata.

“Sa totoo lang, hindi ko ‘yon in-expect,” his mother went on. “Ang frame of mind ko n’on, eh, Lady X got away with it because we’d been naive. Admittedly, sobrang lax ng security ng resort last time. Ngayong alam na namin ang modus niya, puwede na kaming maghanda. Imposible na

para sa kanya ang magtagumpay.” Napangiti ito. “But oh, boy, was I wrong.” Tila delighted pa ang ginang na aminin iyon. “In the end, naisahan pa rin niya kami. Marami siyang bagay na inulit—ang selyadong sulat ay isa na r’on—pero marami rin siyang mga bagay na binago.”

Tama, tahimik na sang-ayon ni Prince. Sabihin nang mas prepared kami last year kaysa n’ong una, in-underestimate pa rin namin ang kakayanan ng salarin.

Pinag-aralan nila nang husto ang unang heist ni Lady X; gumawa ng countermeasures sang-ayon doon. Iyon nga lang, hindi nila in-anticipate na magbabago ito ng tactic.

“So bandang hatinggabi, pinatulog ni Lady X ang anak n’yong si Prince,” paglalahat ni Mr Moraleja. Nakahalukip ang imbestigador, nakatuon ang hinlalaki sa panga, na waring malalim ang iniisip. “Sa gallery iyon naganap, pero hindi nakuha sa CCTV. Ano naman ho ang kasunod na nangyari? Dapat may na-trigger na alarm, di ba?”

“Indeed.” Kagyat na tumango ang ina ni Prince. “Tatlong magkakahiwalay na alarm, in fact. Lahat nag-occur at approximately the same time, sa magkakahiwalay na lugar.” In-

enumerate ng ginang ang mga iyon gamit ang sariling mga daliri. “Ang una: isang fire alarm sa may entrada ng ladies’ restroom sa ground floor ng hotel. It turned out na isang katol lang iyon na sinindiha ng kandila malapit sa smoke detector. Napatay iyon agad ng mga rumesponde at walang nasaktan.

“Ikalawa: isang kahina-hinalang anino na natanaw sa isa sa mga bintana ng grand ballroom. Personal kong nakita ‘yon. Inakala ng lahat na iyon ay si Lady X, pero lumabas na isa lamang pala iyong dummy na ipinuwesto para i-project ng mga ilaw.

“At ang ikatlo: well, alam n’yo na ang simula. Ginawang Sleeping Beauty ni Lady X si Principio. Ang interesante ay ang nangyari after that.” Kumibit ito. “I could tell you, of course, but I think it would be better to see for yourself.”

Taking out her smartphone, may tinype itong ilang icons sa touchscreen ng aparato. Pagkuwan ay iniharap iyon ng ginang sa kanila.

Nagsimulang mag-play ang isang video sa maliit na screen. Sa green-tinted night vision ng camera, mababanaag ang interior ng gallery, specifically ang istante na pinaglagyan ng Laughing Madonna statue. Pagkalipas ng ilang

segundo ay isang pigura ang biglang lumantad sa screen: si Lady X, suot ang elaborate costume nito. Kinuha nito ang estatwa saka umalis.

“A-ah.” Sa wakas ay tila na-gets na ni Elay kung ano ang kanilang pinapanood. “Iyan si... siya si... Lady X?”

“Yes na yes,” masiglang tugon ng mama ni Prince. “Pero wait lang, hija, there’s actually more.”

There was. Mahigit isang minuto makalipas, isang bagong pigura ang nag-appear sa lower right corner ng screen. Hindi man makita ang mukha nito mula sa anggulo ng security camera, hayag na nakaitim na kapa ito at top hat. Kapareho sa isinuot ni Prince para sa costume party nang gabing iyon, in fact.

“For the record, hindi ako ‘yan,” agad niyang pasubali. “Umaga na nang magkamalay ako.”

“Aww, sobrang spoilers ka naman, hijo!” kastigo ng kanyang ina. “But yes, hindi nga ‘yan si Principio. Si Lady X pa rin ito, pero in disguise! Hinubaran niya si Prince—”

“Ma!”

“What?”

“Kinuha lang niya ang cape and hat,” medyo namumulang buwelta ni Elay. “Er, s-sa tingin ko

lang. Ayon sa video.”

“Aww, sobrang General Patronage ka naman, hija!” anang ginang. “But sadly, yes, ‘yon nga lang ang tinanggal ni Lady X.” Pailing na nag-‘tsk’ ito. “Ni hindi man lang pinag-interesang masilayan ang six-pack ng anak ko.”

“Baka ho gentlewoman si Lady X—o gentleman,” patawa ni Elay.

Oh, God. “O baka wala siyang time para magpaka-pervert,” sabat ni Prince. “At any rate, disente akong natagpuan ng hotel staff sa isang tagong sulok ng gallery, okay? On with the story.”

“Fine, fine,” bitiw ng kanyang ina. “Hmm, so na-capture ng surveillance camera ang theft ng Laughing Madonna, right? Well, siyempre sumugod dito ang security, although na-delay lang nang konti dahil sa mga distractions na in-orchestrate ni Lady X. Madilim sa loob ng gallery, bagaman nakaawang ang pinto nang makarating sila. May nakita silang tao na nakahandusay sa entrada ng silid. Suot nito ang cape and top hat na parte ng costume ni Prince, at tarantang itinuturo ang bakanteng istante ng Laughing Madonna. Assuming na tumakas sa pasilyo ang culprit, at para na rin itawag ng medical help si ‘Prince’, nagsialisan sila.

Leaving the fake Prince—a.k.a. Lady X—free to flee, so to speak.” His mother spread her hands. “And that’s basically it. Nahanap namin ang cape and hat ni Prince sa labas ng hotel, ngunit hindi si Lady X, maging ang tinangay niyang estatwa. Nagawa niya kaming takasan for the second time around. And thus the thief still remains at large to this day,” panapos ng ginang na nangagkikislapan ang mga mata. “Isn’t it amazing?”

Bahagyang bumahing si Mr. Moraleja. “Mawalang-galang na, pero kung magsalita kayo, para bang hinahangaan n’yo pa ang culprit.”

“Guilty as charged,” walang pagsisising tugon ng ina ni Prince. “At bakit hindi? Kailan ka ba naka-encounter ng isang magnanakaw na ganito katinik? Also, you’ve got to respect the fact na ni minsan ay hindi siya nagdulot ng seryosong pinsala o casualty.”

Aside from my wounded pride, dagdag ng diwa ni Prince, pero in-acknowledge niyang may punto ito.

“Pero ninakawan pa rin niya kayo,” kunot-noong protesta ni Elay.

“Alam ko naman ‘yon, hija. Pero... ah, how should I put it ba? As long as wala

siyang napapaslang o nasasaktang ibang tao, nahihirapan akong totoong magalit sa kanya.” Nag-angat ang ginang ng isang hintuturo. “Besides, free publicity na rin ito para sa resort, especially sa annual costume party. So I sort of think na it makes up for the Ceniza statues na dinedekwat ni Lady X mula sa gallery.”

“Well, I don’t,” mariing sagot ni Prince, saka sumulyap kay Mr. Moraleja. “And neither do the shareholders, Ma. This year, one way or another, sisiguruhin kong mananagot sa batas si Lady X.”

“Famous last words, son,” tila amused na balik ng kanyang ina. Kinindatan nito si Elay pagdaka. “May pagka-passionate talaga ‘tong anak ko, ano, Gabriela?”